RECEIVED
BY: ______
DATE: 3-...
STA. CRUZ, LAGUNA

Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

A KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATAS NG BAYAN NOONG IKA-17 NG MARSO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. EDGARDO T. PORCA.............................. Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr.............................. Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar.............................. Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez.............................. Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison.............................. Kagawad
Kgg. Louie C. De Leon.............................. Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas.............................. Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.............................. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco.............................. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor.............................. Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Heidi S. Ciriaco.............................. Pang. Punong Bayan
nasa lakad opisyal

KAPASIYAHAN BLG. 065-T'99

KAPASIYAHANG NAGKAKALOOB NG LANSAKANG KAPANGYARIHAN SA KGG. PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN SA PAKIKIPAGKASUNDO SA KAGAWARAN NG PAGAWAING BAYAN AT LANSANGAN HINGGIL SA PAGPAPAGAWA NG LANSANGANG - BAYAN.

SAPAGKA'T, pinahahalagahan ang pagpasok sa anumang kontrata o kasunduan para sa legalidad at maayos na pagsasagawa ng mga proyekto at gawain ng pamahalaang bayan;

SAPAGKA'T, ang kasunduan ay nauukol sa pagpapagawa ng lansangang bayan para sa kagalingan ng paglilingkod - bayan;

KUNG KAYA'T DAHIL DITO, sa kapakanang pampamayanan, sa mungkahi ng Kgg Kag. Jaime Alexander T. Calupitan na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco, Ricardo B. Ramirez, Jeffrey A. Villaseñor, Bernardo E. Ison, Florencio C. Odejar at Louie C. De Leon at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagkalooban ng lansakang kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na katawanin ang pamahalaang bayan sa pakikipagkasundo sa Kagawaran ng Pagawaing Bayan at Lansangan hinggil sa pagpapagawa ng lansangang - bayan.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Kagawaran ng Pagawaing Bayan at Lansangan, Pambayang Inhinyero at Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa Kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

CERTIFIED XEROX COPY:
NAGPATUTOO:
ROMEO A. RAMILO
4-19

EDGARDO T. PORCA
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan